


Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS



TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA 12 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 27 MARSO 2000, IKA - 8:35 NG UMAGA. SA BULWAGANG PULUNGAN NG SITYO DALAHICAN, BARANGAY SAN JOSE, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifnel, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin
Konsehal Randy P. Valencia

- Tagapangulo

Hindi Nakadalo:

Councillor Juan S. Advincula

- On official business

KAPASYAHAN B.L.G. 032

Taong 2000

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KAGALANGGALANG RODOLFO G. VALENCIA, GOBERNADOR NG SILANGANG MINDORO NG SUPORTANG PINANSYAL PARA SA PAGPAPAGAWA NG DALAWANG (2) KILOMETRONG KALSADA MULA SA PAMBANSANG LANSANGAN SA SITYO BINTULAGAN, BARANGAY SAN RAFAEL PATUNGO SA BANTOG NA KUWEBA NG SAN RAFAEL SA BAYANG ITO.

SAPAGKAT ang mga lansangan at mga daan ay isang mahalagang paktor tungo sa kaunlaran ng mga pamayanan una na rito ay sa pagsasagawa ng mga tunguhing pangkabuhatan ng mga mamamayan;

SAPAGKAT ang pamahalaang nasyonal at mga pamahalaang lokal ay naglalayong mapabuti at mapaunlad ang mga serbisyo sa mga mamamayan at ito ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sapat at pangmatagalang pinagkukunan ng pantustos upang magkaroon at mapabuti ang mga pasilidad at istrukturang nagbibigay ng serbisyo sa mga mamamayan;

SAPAGKAT bukod sa regular na pinagkukunan ng pondong lokal ng pamahalaan tulad ng buwis sa mga ari-arian at mga renta at koleksyon sa mga pang-ekonomiyang pag-aari ng bayan, isa sa nakikitang mag-aakyat ng pondo sa pamahalaang bayan ay ang turismo ng lugar na dito ay kabilang ang naggagandahan at makabagong beach resorts na pag-aari ng mga pribadong tao at ng pamahalaan gayundin ang hinahangaang kuweba ng San Rafael;

A handwritten signature in black ink, located at the bottom center of the page.

A handwritten signature in black ink, located at the bottom right of the page.

A handwritten signature in black ink, located on the right margin of the page.

SAPAGKAT ang kuwebang ito ng San Rafael ay isa sa magagandang pook na malpagmamalaki ng bayan ng Roxas na tulad sa ibang mga kuweba sa Pilipinas ay lubhang kahanga-hanga ang kagandahan,

SAPAGKAT ang lugar na ito ay hindi pa gaanong dinarayo ng mga tao, unang-una ay dahil sa kawalan ng isang maayos na kalsada upang ang mga sasakyang pampubliko at pribado man ay makaabot sa lugar na ito,

SAPAGKAT nakikita ng mga namumuno at mga mamamayan ng Roxas ang isang potensyal na pang-akit sa mga turista at sa kadahilanan na ring ang turismo ay isang prayoridad na programa ng pamahalaang panlalawigan ng Silangang Mindoro, ang paglinang sa pook na ito ay isa sa mga pangkaunlarang gawaing nararapat pagsikapang maisakatuparan ng ating pamahalaan;

SAPAGKAT sa dahilang ang kalsada patungo rito ay isang pangunahing pangangailangan, pinagkaisahan ng mga namumuno na ito ay itukoy sa Kgg. Rodolfo G. Valencia ng lalawigan ng Silangang Mindoro para sa kinakailangang pondo sa pagpapagawa ng 2 kilometrong kalsada mula sa pambansang lansangan sa Sityo Bintulagan, Barangay San Rafael patungo sa kuweba ng San Rafael.


DAHIL DITO sa magkatuwang na mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz at Kagawad Cesar T. Baticos –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang humiling sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia ng suportang pinansyal para sa pagpapagawa ng 2 kilometrong kalsada mula sa pambansang lansangan sa Sityo Bintulagan, Barangay San Rafael patungo sa bantog na kuweba ng San Rafael sa bayang ito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kagalang-galang Rodolfo G. Valencia, Gobernador ng Silangang Mindoro, Tanggapan ng Gobernador, Siyudad ng Calapan para sa naaayong pagpapasya sa kahilingang ito para sa kapakinabangan ng bayan at mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

Pinagtibay ng lahat: 27 Marso 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO O. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS S. DIMAPILIS
Punong Bayan

Pils/